## Ang Unang Himala ni Jesus

(Juan 2:1-11)



Si Jesus ay ang Diyos Anak na ipinadala sa mundo upang iligtas ang sangkatauhan. Siya ay ipinanganak ni birheng Maria, at ang Kanyang buhay ay katuparan ng maraming propesiya tungkol sa Mesiyas. Lumaki Siya sa isang tahimik na bayan sa Nazareth at nagsimula ng Kanyang ministeryo sa edad na 30. Sa pamamagitan ng mga turo, himala, at Kanyang sakripisyo, ipinakita ni Jesus ang pag-ibig ng Diyos at ang plano ng kaligtasan.

Sa isang maliit na bayan sa Cana sa Galilea, isang masayang kasalan ang nagaganap. Sa kultura noong panahon na iyon, ang kasalan ay isang mahalagang selebrasyon na tumatagal ng ilang araw. Naroon si Maria na ina ni Jesus, si Jesus at ang Kanyang mga alagad.

Habang nagpapatuloy ang selebrasyon, napansin ni Maria na naubos na ang alak. Sa kanilang kultura, ito ay magiging isang malaking kahihiyan para sa mga host. Nilapitan niya si Jesus at sinabi, "Wala na silang alak."

Sumagot si Jesus, "Babae, bakit mo ako isinasali? Hindi pa dumarating ang aking oras."

Ang pagtawag ni Jesus kay Maria na "Babae," sa unang dinig sa panahong ito ay parang walang pag-galang. Ngunit sa kultura ng mga Judio, ang salitang ito ay isang magalang na paraan ng pakikipag-usap.

Sinabi ni Maria sa mga tagapaglingkod, "Gawin ninyo ang anumang sabihin Niya."

Malapit doon ay may anim na malalaking banga na yari sa bato, na ginagamit para sa seremonyal na paghuhugas. Ang bawat banga ay kayang lamnan ng 20 hanggang 30 galon ng tubig.

Inutusan ni Jesus ang mga tagapaglingkod, "Punuin ninyo ng tubig ang mga banga." At pinuno nila ito hanggang sa labi.

Pagkatapos, sinabi ni Jesus, "Kumuha kayo ng kaunti at dalhin sa tagapangasiwa ng handaan." At ginawa nila ito.

Nang tikman ng tagapangasiwa ang tubig na naging alak, nagulat siya. Hindi niya alam kung saan ito nanggaling, pero alam ito ng mga tagapaglingkod na kumuha ng tubig. Tinawag ng tagapangasiwa ang lalaking ikinasal at sinabi, "Ang lahat ay unang inihahain ang masarap na alak, at kapag marami nang nainom ang mga tao, ang mas mura naman ang ibinibigay. Pero ikaw, itinabi mo ang pinakamahusay na alak hanggang ngayon!"

Ito ay ang unang himala na ginawa ni Jesus. Sa pamamagitan nito, napakita ang Kanyang kapangyarihan at kaluwalhatian, at nagsimulang maniwala sa Kanya ang Kanyang mga alagad.

Ang mga banga na ginagamit para sa seremonyal na paglilinis ay naging daluyan ng isang himala, na sumisimbolo sa kakayahan ni Jesus na baguhin ang pangkaraniwan tungo sa hindi pangkaraniwan. Kapag nagtiwala tayo at sumunod kay Jesus, mararanasan natin ang Kanyang masaganang pagpapala.

